



Chicago Public Schools
SCHOOL COUNSELING AND POSTSECONDARY ADVISING

Buod ng mga Pagbabago at Mapagkukunan ng 2026-27 na Tulong Pinansyal

Ang petsa ng pagpapalabas ng parehong FAFSA at Alternative Application para sa Tulong Pinansyal ng Illinois ay sa Oktubre 1. **Update: Ang FAFSA ay inilabas nang buo noong Setyembre 24, 2025**

Pagkatapos ng dalawang magkakasunod na taon ng naantalang availability, naka-iskedyul na maging available ang parehong FAFSA at Alternative App sa makasaysayang petsa na Oktubre 1. Ang ISBE Non-Participation Form (Form ng Hindi Paglahok sa ISBE), na nilalayon para sa mga mag-aaral na hindi makapagkumpleto ng aplikasyon para sa tulong pinansyal, ay maaaring makuha sa parehong araw ng Alternative App. Ang CSS Profile, isang karagdagang aplikasyon para sa tulong pinansyal na inaatas ng ilang kolehiyo ngunit HINDI inaatas ng estado ng Illinois, ay magiging available din sa Oktubre 1.

Ang mga mag-aaral na nakaasa (dependent) ay dapat lang magbigay ng email address ng kanilang magulang upang maimbitahan sila bilang "Contributor" sa kanilang FAFSA

Simula 2023-2024 na taon ng tulong (aid year), ang mga nakaasang mag-aaral ay inatasan na anyayahan ang (mga) magulang na idagdag ang kinakailangang impormasyon sa FAFSA bilang "Mga Contributor" Inaatas ng prosesong ito na alamin ng mag-aaral ang partikular na personal na impormasyon tungkol sa contributor, kasama ang SSN at petsa ng kapanganakan. Bilang karagdagan, kinailangan ng mga mag-aaral na isulat ang lahat ng impormasyon tungkol sa magulang nang eksakto kung paano ito lumitaw sa studentaid.gov account, at kung hindi gawin ito, hindi maaakses ng magulang ang aplikasyon. Simula ngayong taon, ang tanging impormasyon na kailangan ng mga mag-aaral upang maimbitahan ang kanilang mga magulang bilang contributor ay isang email address. Ang mga magulang ay makakatanggap pagkatapos ng code na magagamit nila upang maakses ang FAFSA ng kanilang mag-aaral.

Ang imbitasyon para maging contributor ang magulang ay inilipat sa dulo ng seksyon para sa mag-aaral.

Nitong mga nakaraang taon, ang mga nakaasang mag-aaral ay hindi man makapagsimula ng kanilang seksyon ng FAFSA nang hindi muna matagumpay na maimbitahan ang contributor na magulang. Bilang karagdagan sa pagpapasimple ng imbitasyon, inilipat din ito sa dulo ng bahagi ng FAFSA para sa mag-aaral, na nangangahulugan na maaaring makumpleto ng mag-aaral nang virtual ang buong aplikasyon nang walang paglahok ng magulang.



Chicago Public Schools

SCHOOL COUNSELING AND POSTSECONDARY ADVISING

Ang mga [Studentaid.gov](https://studentaid.gov) account ay kaagad na bineberipika at magagamit.

Bago ng taong ito, kapag gumawa ng studentaid.gov account, o isang "FSA ID", ang mag-aaral o magulang, aabutin ito ng 1-3 araw bago maberipika ang account na iyon. Ang mga di beripikadong account ay hindi magagamit para pirmahan ang FAFSA, kung saan sa ilang kaso ay nakaantala sa pagkumpleto ng form. Simula ngayong taon, kaagad na beberipikahin ang mga bagong gawang account, na magpapadali sa pagkumpleto ng karamihan sa mga aplikasyon sa isang upuan lang.

Dapat na ngayong piliin ng mga mag-aaral ang isa sa dalawang opsyon para sa "Sex" sa halip na "Gender"

Nitong mga nakaraang taon, ang mga mag-aaral ay may apat na opsyon na pagpipilian kapag tinutukoy ang kanilang pagkakakilanlan sa kasarian, kasama ang "non-binary" at "mas gugustuhing hindi sagutin". Bilang resulta ng kautusang tagapagpaganap (executive order) noong Pebrero 14, tatanungin lang sa lahat ng pederal na form, kasama ang FAFSA, ang tungkol sa "Sex" ng tagatugon, at magbibigay ng dalawang opsyon: Lalaki at Babae. Bagama't ang inihayag na layunin ay para magbigay ang mga tagatugon ng kanilang kasarian na itinalaga noong kapanganakan, hindi malinaw sa ngayon ang mga potensyal na implikasyon ng pagpili ng mga mag-aaral ng kasarian na sa tingin nila ay pinakatumutukoy sa kanila kung hindi itinalaga noong kapanganakan.

Mga Mapagkukunan para sa mga Kawani, Mag-aaral at Pamilya

[Liham sa mga Tagapag-alaga at Mag-aaral Tungkol sa Tulong Pinansyal - Folder ng mga Pagsasaling-wika](#)

[MGA PANGUNAHING TANONG TUNGKOL SA PROSESO NG 2026-2027 NA TULONG PINANSYAL - Makikita ang mga Pagsasaling-wika Rito \(SY25\)](#)

[Suporta para sa mga Imigranteng Kabataan at Pamilya sa Illinois Pagkatapos ng Halalan](#)

[Ladder Up Tax Assistance Program](#)

[Buod ng mga Pagbabago sa 2026-2027 na FAFSA](#)

[2026-27 FAFSA Prototype](#)

[Listahan ng CSS Profile](#)